


Miyoshi-machi Guide Map para sa pag-iwas sa Kalamidad

Sama-sama nating pangalagaan ang ating komunidad sa pamamagitan ng araw-araw na paghahanda laban sa malakas na lindol at bagyo.

Posibleng malakas na Lindol

Ang Miyoshi-machi ay maaring maapektuhan at makaranas ng malakas na lindol kung magkaroon ng paglilindol sa Tokyo Bay North Area na inaasahan na karamihan sa mga lugar ay makakaramdam ng seismic intensity level 5-upper habang ang iba ay seismic intensity level 6 lower.

<p>[SI level 5-upper]</p> <ul style="list-style-type: none"> •Mahihirapang maglakad kung walang makakapitang matibay •Mahuhulog ang mga pinggan sa aparador at mga laman ng istante. •Maaaring bumalik ang mga kasangkapan hindi nakalapat ng maaayos o walang suporta •Maaaring bumagsak ang konkretong pader kung ito ay hindi gaanong matibay. 		<p>[SI level 6 lower]</p> <ul style="list-style-type: none"> •Mahihirapang manatiling nakatayo. •Maraming kasangkapan ang gagalaw at babalik. Ang pintuan ay maaaring ma-deporma at hindi na mabuksan. •Maaaring masira at malaglag ang mga bintana at wall tiles. •Sa mga bahay na gawa sa kahoy at mababa ang earthquake resistance, maaaring bumagsak ang mga tiles o kaya tumagilid o maguho ang gusali. 	
--	---	---	---

Mula sa paglalathala ng Japan Metrological Agency: <http://www.jma.go.jp/jma/en/Activities/intsummary.pdf>

Pagiging handa sa panahon ng kalamidad

Para ma-protektahan ang ating sarili at matulungan ang ibang tao sa panahon ng kalamidad

Para sa pansarili : pagbibigay ng tungkulin sa bawat miyembro ng pamilya, kabisaduhin ang daan patungo sa evacuation area at pagtiyak ng kaligtasan ng buong pamilya. Ang mga residente ay hinihikayat na sumapi sa asosyasyon ng magkakapitbahay (*Gyosei-ku*) at asosyasyon ng mga residente (*Jichikai*)

Pagtutulongan : pangalagaan natin ang ating komunidad sa pamamagitan ng pagtutulongan ng bawat isa, pagsali sa iba't-ibang aktibidad gaya ng pag-apula ng apoy, pagsagip, paglikas, at iba pang pagsasanay para sa prebensyon o pag-iwas sa kalamidad na ginaganap sa ating lugar.

Paghahanda sa sariling tahanan

Siguraduhin na hindi delikado ang pagkakatagay ng mga kagamitan sa loob ng bahay sakaling magkaroon man ng lindol o kalamidad

- Lagyan ng pangsuporta ang mga kasangkapan at home appliances na maaaring bumalik o matumba. Lagyan ng shatter prevention film ang mga salamin.
- Maghanda ng fire extinguisher, earthquake-detecting circuit breaker, at iba pa.

Siguraduhin na may nakalaang stock ng tubig at pagkain sa bahay bilang paghanda sakaling may dumating na kalamidad

- Maghanda ng stock ng pagkain, inuming tubig at mahahalagang gamit na kakailanganin na sasapat sa tatlong araw o kaya isang linggo kung kakayanin.
- Maghanda ng portable emergency supplies at ilagay sa bag o lagayan na naglalaman ng mga sumusunod.

Pagkain	Inuming tubig, biscuits, de latang pagkain, boil-in-the bag foods, at iba pa	Pang-araw-araw na gamit	Work gloves, tissue paper, kandila, posporo, lighter, pantali, flashlight, portable radio, sanitary goods, toothbrush, at iba pa
Pera at iba pa	Pera{barya}, bankbook, seals, importanteng dokumento .	Mas kumbinyente kung meron	. Wet tissue paper, masks, plastic bag, portable water purifier, food wrap, knife, can opener, raincoat, at iba pa
Damit at iba pa	Damit, tuwalya, kumot, sleeping bag, damit pang-ilalim o underwear, jacket, at iba pa	Mas maigi kung meron	Whistle, disposable heating pad, kopya ng health insurance certificate
Gamit pang- proteksyon	Helmet, disaster hood, masks, first-aid-kit, sapatos at iba pa		

Pasilidad para sa paglilikas o evacuation centers

- Takdang evacuation centers: pampublikong mga paaralang pang-elementarya at junior high schools.
- Takdang emergency evacuation areas: playground ng mga paaralan
- Pansamantalang evacuation area: *Shukaijo* (kung saan ginagawa ang pagtitipon ng purok o magkakapitbahay) ay magsisilbing tagpuan ng mga magkakapitbahay para i-tsek at ikumpirma ang bawat isa bago tumungo sa takdang evacuation center
- Base sa evacuation route map, alamin at laktarin natin ang daan patungo sa pansamantalang evacuation area, takdang emergency evacuation area at takdang evacuation center.

Kung sakaling magkaroon ng Lindol

Anong gagawin pag may Lindol

- ① Unahing protektahan at iligtas ang sarili. Magtago sa ilalim ng lamesa. Takpan ang ulo ng unan o cushion upang maprotektahan ito.
- ② Siguraduhing may dadaanan palabas. Buksan ang bintana at pinto upang maseguro ang labasan.
- ③ Maging kalma at iwasan ang kaagad na pagtakbo palabas.

Anong gagawin matapos ang Lindol

- ① Patayin ang anumang nasusunog. Kaagad patayin ang anumang apoy. Isara ang gas. Kung umapoy ulit, patayin kaagad. Kung hindi maapula ang sunog, humingi ng tulong o tumawag sa fire station.
- ② Siguraduhing ligtas ang pamilya sa bahay.
- ③ Siguraduhing ligtas ang mga kapitbahay at makipagtulungan sa pagsagip at pagbibigay ng pangunahing lunas kung kailangan.
- ④ Kung nasira ang inyong bahay at delikadong tirahan, humanda sa paglilikas. Manatili sa bahay kung ito ay maayos at hindi delikado.

Paghahanda sa paglilikas

(Manatili sa inyong bahay kung ito ay hindi nasira o hindi delikado)

Bago lumikas

- Patayin ang main electric circuit breaker
- Isara ang gas
- Dalhin ang inyong portable emergency supplies
- Ikandado ang pintuan ng bahay.

Patnubay sa pangangailangan ng paglikas:

- Kung merong evacuation directive o utos mula sa munisipyo
- Para sa pamilya na may kasamang may pisikal na kapansanan at nangangailangan ng suporta sa paglilikas
- Kung nasira ang inyong bahay o delikadong magiba at hindi maaaring tirahan
- Kung walang kuryente,tubig at gas
- Nagkaroon ng sunog o hindi ligtas ang kapaligiran

Babala sa paglikas

- Huwag magmadali sa paglabas
- Proteksyunan ang ulo ng disaster hood
- Magsuot ng maluwag na pananamit
- Umiwas sa masisikip na daanan at konkretong pader
- Mag-ingat sa pagguho ng lupa o land slides
- Alamin ang totoong impormasyon at mag-ingat kung magkaroon pa ng kasunod na pagyanig
- Maglakad sa paglikas at dalhin lamang ang mahahalagang bagay na madaling bitbitin.

Magparehistro sa ‘Miyoshi-machi evacuation support plan’ sinuman na mangangailangan ng suporta sa panahon ng kalamidad, dahil sa mahihirapang makalikas sa sarili o hindi din kaya ng ka-pamilya . Ito ay upang maseguro ang kapakanan at kaligtasan ng nakarehistro kung may sakuna o kalamidad.

Hakbangin sa mga taong na-stranded

- Kapag nagkaroon ng malakas na lindol, manatili muna sa lugar na kinaroroonan kagaya ng kung nasa lugar ng pinagtatrabuhan, nasa byahe, at iba pa. Huwag munang mag-akmang umuwi kaagad ng bahay.
- Para sa mga na-stranded na mga tao na nagtatrabaho dito sa bayan, ang Miyoshi-machi ay may pasilidad para sa pansamantalang pahingahan, may toilet, inuming tubig at nagbibigay din ng kakailanganing impormasyon.
- Pansamantalang pahingahan para sa *Tsuruse* station: sa *Fujikubo-kouminkan*, para sa *Mizuhodai* station: sa *Chikumazawa-kouminkan*.

Pagkuha ng impormasyon sa panahon ng emerhensya

Disaster Emergency Message Dial 「171」 •Maaring magbigay o pakinggan ang mensahe. Sundin lamang ang voice menu instruction.

Paraan ng pagtawag		Kung nais mag-rekord ng mensahe		Kung nais pakinggan ang mensahe	
①	I-Dial ang 1 7 1	1 7 1			
②	Piliin kung nais mag-rekord o pakinggan ang mensahe	Walang PIN number	May PIN number	Walang PIN number	May PIN number
		1	3	2	4
		4-digit PIN nos.		4-digit PIN nos.	
③	I-press ang TEL No. ng lugar kung saan may kalamidad	0 x x x x x x x			
④	Mag-rekord ng mensahe Pakinggan ang mensahe	1		1	

Para sa emerhensya na message board

- Kung may malakas na lindol kagaya ng may antas SI level 6-lower, maaring makagamit ng libreng serbisyo ng mobile phone o smartphone para makakuha ng impormasyon o pagkumpirma ng ligtas na kalagayan. Ang impormasyon ay sa Nihongo at Ingles.
- Para sa detalye ng pag-rehistro sa serbisyo, mga lugar na puwedeng mag-mensahe, bilang ng mensaheng ilalagay at hanggang kelan ito pananatiliin, at iba pang impormasyon tingnan ang emerhensya na message board sa website ng naturang mga kumpanya:

NTT docomo	https://www.nttdocomo.co.jp/info/disaster/disaster_board/index.html
KDDI (au)	http://www.au.kddi.com/mobile/anti-disaster/saigai-dengen/sp-usage/
Softbank	http://dengen.softbank.ne.jp/pc-s1.jsp
Y!mobile	http://www.ymobile.jp/service/dengen/